kasaysayan; sapagka't ang bayang may kasaysayan ay bayang may saysay, samakatwid bagay may kabuluhán.

Dahil din sa paraang ito, ng punahin ni Perfecto Makaaraw (ni G. Lope K. Santos?) ang aklat na **DATING PILIPINAS** ay nagbadyang: "Ang bayang di nakakaalam ng istorya ó kasaysayan ng kanyang lupain ay kahalintulad ng isang taong di nakakakilala sa kanyang tunay na magulang".

Marapat nga nating suriin at pag-aralan ang kasaysayan ng ating sariling Bayan, dahil sa dito nakikilala ang tunay na uri at pagkatao natin. At sa pag-aaral natin nito ay matatahó natin ang ating kahapon, maliliwanagan tayo sa ating ngayon at matatawaw natin halos lahat ng kababalaghan ng ating bukas; sapagka't ang kasaysayan, aní Cicerón, ay "siyang saksi ng pamumuhay"; aní Diodoro, ay "siyang kanan ng katalagahan, siyang tagapanangasiwá ng katotohanan, at siyang iná ng pamumuhay" at aní Guizot, ay "siyang aralan ng katotohanan, ng matwid at ng kabaitan.

Ang kasaysayan ay totoong kailangan, hindi sapagka't atin pang pagbabalikan yaong nakaraan na, hindi, kungdi sa paglingón natin niyan ay ating matututuhan ang mabubuting kanilang naabot at malalayuan ang násisip at nagawá nilang di natumpak sa mabuti: kaya't aní Morely:

## "GERMINAL"

SAMAHANG GANAP NA PILIPINO SA PAGGAWA NG TABAKO'T CIGARILYO

PAGBABA NG TULAY NI AYALA, MAYNILA, K. P.

Siyang nangunguna sa maraming Tangbalan, dahil sa walang kasing-inam at sarap ng kanyang yari.

Siyang nangunguna sa pagsaklolo sa mga sakuná ng Bayan.

Siyang nangunguna sa taglay na lalong mga karapatan sa pagtangli at pagka lugód ng boong Bayang Pilipinas.

Hingín ninyo an mga may sagisag na:

GERMINAL,

KATAGALUGAN,

KAPISANAN,

FLOREAL.



„Ang kasalukuyan ang minamahalagá ko; ang kasalukuyan ang pinagsisikapang kong maunawa at maaninaw. Hindi ko kailangan sa anoman na malaman ang nangyari sa nagdaan, maliban sa siyang nakapagpapakilala sa akin na lalong malinaw ng aking landas sa nangyayari ngayon”. Aní Carlyle: “Siyasatin natin ng siyasatin ang nakaraan.....dahil sa pamamagitan lamang ng liwanag niyan...ating maunawa ó mahuhulaan ang kasalukuyan ó ang háharapín”. Aní Ma-kaaraw: “Bago tayo mag-ubos-kaya sa paggawá ng ating ngayón at sa paghahandá ng ating bukas, ay sinagin muna sa dilím ng panahón ang tinatitandang kahapon at ang lalong malayong pinagdaanan”. Aní Dr. Schaffs: “Ang kasalukuyan ay siyang bunga ng nakaraan at siyang ugat sa háharapín”. At aní Dr. Hinsdale: “Ang kasaysayan ang siyang kamalig na imbakan ng kaalaman ng tao, siyang salamín tungkol sa nakaraang panahón”, (at aniya pa’y) “siyang nagpapayaman at naggayak sa pag-iisip ng mga mahal na isipan”.

Kaya't ang kasaysayan ay dapat nating hili- ligan upang ating malaman ang saysay ng sarili, saká ng makatulong sa pagtanaw ng malayó, sapagka't isang karunungan nagbibigay liwanag at umaakay sa katalinuhan.

S. G. CALDERON,

## Katang bayan sa Bataan

KANTA NG DALAGA

*Akda ni Eulogio Rodriguez*

Walá na sa mundong mabigat na pasán na sa matrimonio ang nakatitimbang walá na naman dadalhing magaan kung ang magdadala ay magkakatuwang.

Nguni't ilan na sa lalaki ngayon sa matinding dusa ang makatutulong nabubusog ka man sa pagkai't pag-inom ang pusò mo naman, sa payapa'y gutóm.

Kung paris ko pang mahirap ang buhay ang magiging asawa walang pagmamahal kung magkabisò pa sa bisyo magkulang alin ang dalitá na di ko kakamant!

Eto pa ang hirap kung ikaw magkaanak bukod ang babathin kapagura't puyat

mura ng asawa sa batang pag-iyak sabay titiisin ng abá mong palad.

Ito na ang mulá ng pagkagunitá sa ama't ina mo na nag-aarugá sangpò pa ni iná na sa langit nawá tatawag-tawagin walá na sa lupa.

Ito na ang mulá pagtanngis paglumbay luha'y di maampat ng panyò sa kamáy aapuhapin na ang kaghinhawahan iniwang ligaya ng kadalagahan.

Ito pa ang isa kapatid na liyág na iyong lalangapin kalapip ng sindak may titimbangán pang byenan at hipag lalasang ng di mo masapul na hirap.

Ito'y mabigat sa nangagpapari at Religioso man mayianki naroroon na pinapagwawari kundí makaya makapahihindi.

Ito hindi batong pinapasan ilagpak kung hindi makayanan kung di isang kruz na di bibitiwan hangga sa Calvario nakakahanggahan.

## Hula o pamahiin ng mga astrologo

*Sa mga ipinanganganak sa bwan ng Pebrero*

1. Maligaya sa kanyang sariling bahay.
2. Maglalakbay ng marami na walang mapakinabang.
3. Papataypatay; salát.
4. May likás na pabiglábiglá; sawing palad sa pag-aasawa.
5. Walang tiyagá; maghihirap.
6. Kung lalaki ay walang kaya: kung babae ay maganda't matalino.
7. Kakatang kilos; magtataglay ng mga di kawang samá ng loob.
8. Magagalitin; matalino.
9. Mabait at maginghawa.
10. Mapagsuot sa pang'anib; mapagtuklas ng mga dakilang bagay.
11. Matalino sa pangangalakal.
12. Mahilig sa kabanalan.

## Sombrereria at Sastreria

—DE—

P. AUSTRIA

Carriedo 247. | M. H. del Pilar, 409, Ermita  
Tel. 4482. | Tel. 3503.

Nagbibili ng sarisaring mga bagay para sa mga lalake, gaya ng sapatos, medyas, corbata, panyò, lalong lalo na ng mga sombrero rito sa Pilipinas.

## H. M. MAYOR

DENTISTA

Gumagamot sa mga paraang pangkasalukuyan ayon sa mga huling pagkasulong ng karunungan at pagsasagawa ng odontologia.

Bumubumot at gumagamot ng walang bayad sa mga mahirap.

Magsadya kayo sa kanyang tanggapan upang inyong matunayan.

*Marry Chiles Christian Hospital*

135 Calle Gastambide, Sampalok.

Tel. 3723.

Manila.

13. Matalino sa mga pagkabuhay na tungkol sa pagsasaka.

14. Sa kabataan ay maayos, pagtandâ ay bisyoso.

15. Magiging marangal na sundalo ó kawal.

16. Magtataglay ng mga pagkabaklá sa pamumuhay.

17. Likás na masayá at mapagtiwalá; maraming kaibigan.

18. Mababantog at yayaman.

19. Likas balakyot; di laging masusugpó.

20. Mapamintas.

21. Matalino sa politika.

22. Magdadasang mga kasawian sa pagsinta.

23. Madaling yayaman; walang hilig sa pag-aasawa.

24. Mapaniwalain.

25. Magtataglay ng mga samâ ng loob sa mga kasangbahay; makaririwasá sa pamumuhay.

26. Switik; mahabâ ang buhay.

27. Mahinâ ang katawan; matalino at buó ang loob.

28. Mapagsuot sa mga walang-kabuluhang bahay na nakapagpapahamak.

29. May damdaming marangal.

## Ang ating mga bugtong

Sa butibuti't na sa loob lumabas pa't nagpahamog,  
Kat. Pusô ng saging.

Náibigan pa ang Baság  
Kaysa buu't walang lamat.  
Kat. Kamatsili.

Hanggang liig kung mababaw  
Kung malalim ay hanggang baywang.  
Kat. Tubig sa tapayan.


Malakas, matigas ang butó  
na inampon ni Lunó.  
Kat. Kumot.

Butong binalot ng balát  
lamang binalutan ng katad.  
Kat. Mangga at ang kanyang butó.

Nagkukula, walang manchá  
nagsisisi walang sala.  
Kat. Kulasisi.

Nagmadre muna  
bago nagnakaw.  
Kat. Madrekaaw.

SINFOROSO H. INOCENCIO.



G. VENANCIO CONCEPCION  
Pangulong Tagapangasiwâ ng Kagawaran ng  
Rentas Internas.

## Mga Mahalagang Pananalita ni Dr. José Rizal

Tinipon ni M. Banting

[Karugtong]

Hindi mangyayaring mabuhay ako na aking nalalamang maraming nangagdurusa ng mga wala sa katwirang sa kanila'y pag-uusig dahil sa akin; hindi mangyayaring mabuhay akong aking pinanonood ang aking mga kapatid at ang kanilang maraming mga hinlog na pinaguusig na walang pinagibhan sa mga tampalasan; minamagaling ko pang lumulong sa kamatayan, at ipinagkakaloob ko ng boong twâ ang aking buhay, maligtas lamang ang pagkaramiraming mga walang malay-sala, sa gayong walâ sa katwirang paguusig.

¿Anó ang aking gagawin?—ang una una'y may mga katungkulan akong dapat ganapin sa aking sariling budhi, may mga katungkulan ako sa mga kaanak ng nangagdurusa, may katungkulan ako sa aking mga magulang na dumarating hanggang sa kaibuturan ng aking pusô ang kanilang mga buntong hininga; talastas kong ako lamang, kahi't ang kamatayan ko ang makapalit, ang siyang makapagbibigay ligaya sa kanila.

Ang tinubuan kong lupa'y marami pang tootong mga anak na makakahalili sa akin, at humahalili na ngang higit sa akin ang kanilang nagagawa.

Ibig kong ipakita sa mga nagsasabing di umano'y hindi tayo marunong suminta sa kinamulang lupa, na tayo'y marunong magpakamatay sa pagtupad ng ating katungkulan at sa ating mga pinaranaligan.

Ano ang kabuluhan ng kamatayan kung mamatay ng dahil sa sinisinta, dahil bago sa kinamulang bayan at dahil naman sa mga taong sinusuyuan ng ganap na pag-ibig.

### M. Salvador

San Vicente 444 en los bajos de la oficina de Andrews  
TEL. 3253

Se Reciben toda clase de Trabajos de Pintura como Caratulas de Cristal y Bronce.

Decoración de Edificios, Retratos  
Letras de Madera y Azogue de Cristal Etc.

Precios razonables.

Ngayo'y panahon ng 'Sakit ng Ngipin'  
Kung hahanap kayo ng DENTISTA ay  
tunguhin ninyo si

### Dr. A. Vergel de Dios

447 EVANGELISTA

at walang sakit na gumamot ó bumuntot.

## MELODRAMANG TAGALOG BIGONG PAG-ASA

(Natuklasan sa Paris ni Dr. H. Otley Beyer)

[Karugtong]

### SALITAAN

D. Salustio. Ang Hota, Señores.  
Lahat. Muy bien. Ang Hota; tayo na sa Hota.  
"Mangagtitindigang lahat; tatawag naman si D. Salustio."  
D. Salustio. Periquito; Periquito.  
"Lalabas na madali si Periquito."  
Periquito. Tumatalaga pò sa lahat ng oras sa ipag-utos.  
D. Salustio. Ngayon din iligpit na madali ang lahat ng ito na walang matira kung di Taburete.  
Periquito. Susundin pù agad. (Sisilip sa pintò at tatawag) Bunday; Bunday, "lalabas si Bunday."  
Bunday. Bakit Periquito?  
Periquito. Madali raw nating iligpit ang lahat ng ito.  
Bunday. Oo; halina: "Mangagligigit at pagkatapos ay yayao; ang lahat naman ay mangagyayayaan."  
Lahat. Hayo na sa Hota.

### ANG HOTA.

*Tugmaan ng tatlo.*

Ang tatlo. Bulakenya kaming pang maligaya ngayon ang pagibig aming kinakanta sa tono ng kumpas sasayaw ng Hota ng Hotang pamawi ng madlang balisa.  
Ang tatlo. Sapaka't sa Hota'y nanalongang layaw ng pusong sa galak sa mundo'y sumilang lalo't kung ang paa sa Hota'y isayaw di na alitana yaong kamatayan.  
"Sa apat na boses kakantahin at isasayaw ang Koro".

### KORO

Ang Hota'y sa mundo'y hamog ng binhing sinta't pag-irog walang hindi naglilingkod sa Hotang aliw ng loob.

"Mangagsisisayaw ng Hota"

Ang tatlo. Paro-paro kaming ligaw ang kapara nakasapit ditong dahil sa pagsinta nangabilanggo sa karsel ng dusa na kakanta ngayo't sasayaw ng Hota.  
Ang tatlo. Sapagka't ang Hota'y pamawi ng hapis ng na sa ligangam pusong umiibig

kung minsa'y ang Hota may atang ng sakit nguni't ang Hota rin ligaya ng dibdib.

"Sa apat na boses din kakantahi't isasayaw ang Koro."

### KORO

Ang Hota sa muddo'y hamog ng binhing sinta't pag-irog walang hindi naglilingkod sa Hotang aliw ng loob.

TELON.

(Ipagpatuloy)

## Mga Hiwaga ng Inkisyon sa Espanya

*Sinulat ni M. V. de Fereal*

*Salin ni Calderon*

### Ang nayon ng Triana

#### I.

Ng kalahatian ng siglo XVI (1), sa panahon ng paghahari ni Carlos V, ang bayan ng Se-bilya, iyang masaya at maginhawang pangulong bayan ng Andalusya, ay unti-unting naging bayang malamim, tahimik at malungkot. Diyan sa bayang tatag ng mga moro ay nawalan ng saysay sa magandang sikat ng araw ang kanyang naglalakihang mka asotea na natatakpan ng mga halaman at bulaklak, ang kanyang nag-iinamang mga balkon na parang magagandang palamuti na nililikawan ng sariwa't mabulaklak na mga baging, ng mapupulang granadilya at ng mga hesmin sa Berhinya na may parang ginintong mga talulut.

Kung gabí ay di na naririnig sa ibabá ng kanyang mga balkon yaong tingig ng pangliligaw ng kanyang mga bagong tao na sinasaliwau ng kaayaayang taginting ng bandolin; at kung sa malulugod na oras ng gabí ay mangahas manungaw ang mga tintimang dalaga upang sumagap ng malamig at masarap na simoy ng pangano-ring pinaiilanglang ng Gwadalkibir, ay nagsisi-

## Vicente A. Diaz

DENTISTA

24 Escolta. Sa itaas.

Teléfono 4969.

Gumagamit ng mga kasangkapang ayon sa bagong panahon.

### "MODERADO ORIENTE"

PATAHIANG PILIPINO

238 Dasmariñas, Binondo

Yumayari ng lahat ng kasuutan ukol sa mga lalaki ayon sa huling moda at sa kagustuhan ng nagpapagawâ.

*Norberto Tuason,*

*Tagapamahala at mananabas.*

tahimik at parang bangkay, na nangapapatgil, na buntong hiningá ang bumubulalás sa kani-lang mga labí, at hindi nginging dalaga, na isa bagáng kalngodlugod na pangungusap sa bibig ng mga babae na ikinahalintulad ng wikang kastilá sa isang mainam na tugtugin.

Matagaltagal na ring ang pangngilabot ay nagbangon ng tampalasan niyang watawat sa lahat ng dako; walá na ang mga pagtatalami-taman ng mag-a-mag-anak ni ang umpuk-umpukan ng matataudá; sinugpó ng hinala't takot ang lalong kaayaayang damdamin ng kalooban. Ang ama'y kulang ng tiwalá sa anak; ang kapatíd, sa kapatíd; ang kaibigan, sa kanyang kaibigan; sapagka't noon ay laging pinangangambá na baká yaong kanyang pinakakamahal ay isang tiktik ó kaya'y tagapagsakdal. Walang timawá sa kanyang pag-aari ni sa kanyang buhay; sukat sa magkasya sa hinaharap, ay dí na nangangahas manakall ng ano pa man, na binabawaan ang sarili sa lahat ng kagandahang-loob ó pagmamagandang asal, na walang kaaliwán ni pag-asa kahi't sa Dyos, diyan sa dakilang tagaalw sa lahat ng kahirapan; sapagka't dí na nila pina-ngangahasang banggatin siya sa kalayaan ng budhi, alaunganing alamín kung ang pananalaysay ng kanilang panalangin ó ang pagpapahayag ng kanilang pananampalataya ay siyang "talagang" pananalaysay, na pinasiyahan ng kátaastaasang Hukuman ng Inkisison, na may paimbabaw na kabanalan, na namimilit sumambá sa Dyos ug ayon sa kanyang paraan, ó sa katagang sabi, sa pagkukunwang Dyos ay nagpapanggap na may karapatang walang hanggan at may kapangyarihang makapagpasiyá sa "kalulwa't katawán; tam-palasang pinuud na nagsikap taglayin ang tangi niyang akhikang manakop, na isinagawá ang lahat ng paraan dí masayod. Ang Inkisison noon ay nasa kapanahunan ng kanyang kakilakilabot na kapangyarihan; ang pinakapund ay ang kardenal Alfonso Manrique, arsobispo sa Sebilya. Yamang nákulat na natin itong kaila-ngang salaysay na ikáunawá ng mga pangkat na susunod, ay lumipat tayo sa ika 15 ng Pe-brero noong 1534.

Mag-aalas siete na ng gabí, noong ang mga kalye sa Sebilya na dating maalingawngaw at matao, ay naging madilim at tahimik, gayon mang panahon ng karnabal. Sukat sa manaká naká, may mga prayleng kakatwá ang anyó na tumatawid sa mga daan na parang mga hitanong

**Bago sa dayuhan ay sa kababayan muna**  
Kaya't kung mangangailan ang kayo ng som-brero, ay lingapin niyo ang

**SOMBRERERIA**

NI

**V. LIWANAG**

Binundok, Juan Luna 351

**Puhunang tagalog at yari rito**

Tangi sa pagpapaputi at pag-aayos ng kahi't anong anyong ibigin.

Mura ang halaga at hindi mápipintasan ng sinomang maselang.

Subukin at ng matotohanan.

(1) palaboy; mga tao ng "Santo Oficio", mga bantay na tiktik na pagdaraan ay nagbabatian ng ayon sa kanilang ugali, at ang mga tagá nayon ng Triana ay nangagkukulumot sa mga lansangan ng "Puente de Barcas" na nasa Gwaldakibir, na siyang nag-uugnay ng ciudad diyan sa malawak na arrabal", at siyang tapunan ng naglutang na dumí ng bayan ng Sebilya.

Sa nagsisitawid sa tulay ng Triana, ay may isang lalaking matangkad na nakaabito ng prayle predikador. Sa noe niyang malapad at malakí ay nangingibabaw ang liwanag at dí ang pangungunot, ang malalaki niyang matang nag-iitiman ay nagbabadyang puspos ng ligaya; at sa unad niyang mga labí ay nálimbag ang tatak ng dikít ng pangungusap at ng tulá. Napagkita ngá rito sa maliwanag na pagmumukhá ang sigla ni San Pablo at ang hinahon ng mahal na alagad.

Dahandahang lumalakad ang taong ito, na may dakilang bagay manding iniisip; at sa pagwawalang bahalá niya sa mga bagay rito sa lupa ay dí nápuuna ang mga buntong ng taong nangasasalubong ni ang mga sinusundan na kaipala'y masagasa niyá sa dilim ng gabí.

Ng makarating sa kabilá ng tulay, ay sangdaling tumigil, na nag-uurong-sulong kung tunguhin ang daang kanan ó ang daang kaliwá na kapwá bumubungad sa tulay. Nguni't, palibhasa't may iba't iba pa manding iniisip sa kanyang pag-uurong-sulong, na kaipala'y malalim na isipan ang nililining ng prayleng nabanggit ay natigilan at dí umimik sa dakong yaon; anopa't naging parang isang taong may hinahintay,

## LA PAZ Y BUEN VIAJE

SOCIEDAD EN COMANDITA

Acciones al alcance de todas las fortunas desde un peso cada accion.

Bajo la Gerencia y Administracion de Teodoro Sandiko.

Fabricacion de Tabacos y Cigarrillos de menas y marcas exquisitas y á precios módicos.

Oficina Central: Asuncion 429, Manila. . . . Tel. 8041.

## RESTAURANT 'Dimas-Alang'

Blg. 555 Nueva, Binondo.

May malinis at mabuting pagkain.

Mura at maaaring magdala kahi't saang bahay ó kawanihan.

at hindi isang pilosopong nagwawari; at ng panahong yaon ay ilan na ang maniniwalâ, na ang gayong pagkakatigil niya ay sanhi lamang ng pagwawari ng kanyang iniisip.

Noon nga'y siyang pagdating ng isang lalaking maayos ang bihis na nanggaling sa daang kaban, na kung panganlay daan ng mga Hitano (1); sumandaling tumigil sa isang tabi na tilingap-lingap na para bagang may hinahanap, at pagkakita sa parè ay untiunting lumapit. Ng malapitlapit na siya sa paring predikador, ay muling tumigil, at di pa rin siya nakita.

Ang lego ay lumapit pa mandin uli ng isang hakbang, at ipinagbadyang marahan ang salitang ito:

—“Hito!”

Pagkarinig ng pransiskano ay agad itinaas ang mukha, minasang sangdali ang nagsalita, at sumagot:

—“Korosa”.

—“Sinugò akò ng Dyos—ang dugtong ng bagong datìng.

Ang kahulugan ng Dyos sa kanilang mga sabuwatan ay *Inkisor heneral* (1) ng sangkaharian.

—Lahat ay nagagawa ng Dyos sa mga tao—anang prayle.

—Maari pong sumunod kayó sa akin—ang dugtong ng lego.

Sumunod ang parè at kaakbay ng tagapagbatid na lumakad ng tahimik, ng lakad na kinangalian, na para bagang hindi sinadyâ ang gayong pagkakataon, sumunod na parang isang batang mabaft at maingat na inuulinig ang makapaugyarihang “chiton” na katha ng kilabot na ibinabalita ng *Santo Oficio*, at naging parang isang bwisit na kawikaan sa mga taga Espanya.

Magkasama sila ng prayle na kanilang tinuwid ang daan ng mga Hitano: mahabâ, madilim, palikawlikaw, at naliliwanagan lamang ng mga ilaw ng maraming taberna ng lansangang yaong maalingawngaw.

Ang mga taong hamak ng Sebilya, ang sukal ng bayan, na karamiha'y tekas ay nangagpapahinga ng sandaling ito, at nangaglalasing ng “mansanilya” at “paharete”, na tinutunggâ sa mga “chikita”, ó parisukat na basong mahaba't makitid na ginagamit pa sa ibang mga taberna sa Andalusya.

\*Pagsapit sa dulo ng daan, ay tumigil ang lego sa harap ng isang tabernang lalong ma-

## Pasanglaan

NI

G. GUILLERMO RUIZ

845-847 Clavel, Maynila.

Madaling pagsanglaan  
Magaan ang patubò  
at mabuting humalagâ.

Siya nga ninyong pagsadyain.

liwanag kay sa iba, at ng maíturò ang pin-tuan sa kanyang kasama, ay sumenyas na siya'y pumasok.

Palibhasa'y noo'y hindi pinupunâ ang pagpasok ng mga prayle sa isang taberna, ay nasok ang parè ng walang guniguni doon sa kabahayang mababâ, mahabâ at madilim; ang mga pinid niyaon ay nag-iitiman, maagiw at putokputok, na ang kulay na maliwaliwanag at namumukod sa dakong itaas ng pinid ay binubò ng mga larawang may mga kahulugan.

Mga likmuang sirâ at lumâ ang nangakaligid sa kabahayan sa harap ng malalaking mesang maiitim at nanganghuhulas, na, sa kâpapatong na lagi ng mga siko ng kamay ay nagkulay barnis.

Sa dakong kalagitnaan ng pinid ay may nangagdikit na mga larawan ng maraming birheng sinasamba ng Espanya, o mga pasiyâ ng mga kakilakilabot na pangyayari. Sa ibabâ ng bawâ't isa ng mga larawang ito ay may dalawang kandilang may sindi o kaya'y karimarimarim na ilawang ang langis ay marumi't mabantot. Ang mga ilaw na ito, na laging nangagliliyab ay siyang tanging tauglaw ng taberna sa boong magdamag.

Sa mga anaman ng bubong ay maraming mga salawit na nangagpakò, na kung panganlay “garabatos”, na doo'y may nangagbiting mga hamon, tapa, sariwang karné, mga sombrero at mga barò ng nagsisidalò: ang mga salawit na ito ay siyang sabitan ng mga suki ng taberna.

Kung pagmasdan yaong mga kasindaksindak na panauhin, mga prayleng tagapagpasiya ng kapalaran, mga hitano at mga tao ng inkisison na lahat ay mayroon doon sa kakilakilabot na dakong yaon; kung pagmasdan silang nangauupò

## LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo

Nagbibili ng mga aklat sa tagalog, kastila at inglés; ng mga kwaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tinatanggap ang lahat.

## Gergorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS Y  
MATERIALES PARA ZAPATERIA Y CHINELERIA ::

Calle San Vicente Nos. 219 y 221

MANILA & ILOILO

sa patibot niyong malalaking mesa, na kukutap-kutap ang ilaw ng mga kandila, at nangkapanamit ng kakatwa, ay pagkakamaliang mga demonyong nangakaupô sa ilalim ng mga parusahang nasa gitna ng mga libingan sa ilalim ng lupa.

Ni ang mga sandalyas ng mga prayle, ni ang mga paang hubad ng mga hitano ay di kumakalatís doon sa lapag na malamig, marumi't maalabok; ang alingawngaw ng kanilang paos na bosés ay nahahalintulad sa isang kapanlawpanlaw na pag-aawitan. Ang dakong yaong kasuklamsuklam ay nakapangngilabot at nakasasamá ng loob. Gayon ang mga taberna noon sa nayon ng Triana.

Ang pareng predikador ay naupô sa dulo ng kabahayan, sa isang sulok ng mesa na walong nakaupô; at saká pinaupô ang kanyang kasama sa tabí niya.

—Una'y kailangang kausapin si Chapa—ang sabi ng isá roon na sabáy itinurô ang isang dalagang nakatayo't nakahilig sa pintô ng isang makitid na silid na pinaka kusinâ.

Si Chapa na kapatid na babae ng may-ari ng taberna ay isang kayumangging dalagang taga Andalusya na may pagka hitana; ang mapulang saya na tumatakip ng kanyang paang payat ay bahagya nang umabot sa kalamnan ng binti. Dalawang tirintas ng kanyang mga buhok na nagitiman ang nangaglawit sa likuran; saká may malapad na sintás na kulay suhá, na sa tapat ng batok ay nasusuksukan ng mga aguhilyang ang pinaka ulo'y aserong nagkikinangang pang mga bituin, dahil sa maayos na pagkakatapyas.

Kinausap ng isang nároon, at marahang sinabi:

—Chapa, anaparito ba si Frasco?

—Hindi pa—ang sagot ng Andalusâ,—nguni't di na matatagalan; iniutang ko ng loob sa aking kapatid na si Coco na ipakisabi sa kanya na si Senyora Dolores ay mananaog ng hating gabi: si Frasco at itong lalaking banal na pinagkakatiwalaan ng Dyos, ay mákakatagpô niyo rito.

At sinulyap ni Chapa ang maganda't magarang bikas ng parê.

—Ayau—anang nagtauong—ang boong pinagkakatiwalaan ng bunyi't kagalanggalang na padre Pedro Arbués: nátagpuan ko siya sa bukana ng tulay ng Triana, gaya ng ipinahiwatig sa akin ng násabing parê; si Frasco na lamang ang hintavin at másasagawâ na natin ang ating panukalâ kung magtatapat ng kanyang panaalita si Senyora Dolores.

--Mananaog pò; ako ngâ rin ang nag-abot ng

Sa pagpaparetrato ay dapat ka pong pumili ng mabuting mag ayos at niyaong lumalarawan ng makinis kaya't kung pakukuha kayo ng retrato ay tunguhin niyo ang

**BOREAL STUDIO**

477 JUAN LUNA

at bukod sa tatanggapin kayó ng boong lugod ay masisiyahan pa kayó sa gawâ rito.

## CARLOS ORTIZ

OPTICO CIENTIFICO  
Manglilitis ng mata

24 ESCOLTA (sa itaas)

Hwag kayong bumili ng lente ni salamin na di muna dalawin itong **Gabinete Optico**.

May mga kawaning matalinong ganap, wagas at dalisay sa hatol ng lalong mga bantog na doktor sa mata.

Kung ibig niyo ay maaring tumawag kayo sa **Telepono 939**, at magagrado ang inyong pangin, sa inyong sariling tahanan.

sulat ng kanyang mákakaisang-palad na ipin-sulat ni Padre Arbués kay Pedro de Saavedra na bilang pangparaan ng panahon.

¿At pumayag ngâ bagâ ang binibini sa pakikipagtipanan? ang tanong noong unang nagsalita, na upang hwag nating kaliulangan ng kanyang pagkatao sa salaysay na ito ay pangalan nating Enriquez.

—Siya'y tumanggi muna; inguni't ang sulat ay nápaka mahalaga! tinutukoy ang kanyang mákakaisang-palad, at ipinangakô ng dalaga ang balang inibig ko. Ngayong gabi ay dádalô siya sa dakong tipanan. Sukat niyong maisip ang sikap kong ginawâ upang siya'y mahikayat.

(Ipagpapatuloy)

## Pagtutwid

Ipinatatalastas namin sa aming mga mangbabasa na ang larawang lumabas sa bilang naming 21 na may pamagat na Bb. Carmen Avellanosa ay isang kamalian; sapagka't yao'y si Bb. Carolina T. Gaña.

## BINYAGAN

Ng bwang nagdaan ay idinaos ang pagbibinyag sa anak ng tanghal na ginoong A. Fenol sa Alfonso, Kabite. Halos lahat, ng diwatâ ng bayan na gaya rin ng mga kilalang ginoo sa bayan ay nagsidaló.

## ALFONSO ALUMNI CLUB

Ito ang pamagat ng bagong samahang itinatag ng ilang binatang masigla. Ang pamunuan ay itong sumusunol: Pangulo, B. Leyran; Pang. Pangulo, A. Hermoso; Kalihim, Bb. Constanca Matro; Pang. Kalihim, E. Mojica; Iniat-yaman, Bb. Maria Peji; Pang. Iniat-yaman, D. Rodrigo; Kinatawan, P. Es guerra; Adviser D. Afionuevo.

## PASANLAAN

NI

### FAUSTO O. RAYMUNDO

Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Aceiteros San Nicolas Maynila.

MATAAS humalagâ sa isinasanla, MABABA ang patubô, MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusan.

Naghibil ng mga hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

## BILL JONES

Ang kasalukuyang "Bill Jones" sa Wikang Tagalog na salin ni Sofronio G. Calderón ay ipinagbibili na sa mga tindadan ng aklat. Kung pakyawán ay sumulat kay S. G. Calderon, 758 Reyna Regente, Maynilà, at malaki ang kababaan ng halaga.

Hwang ipagkamañ sa "Bill Jones" blg. 2.

## Maningning at dakilang talumpati ng Pang-ulong Quezon, sa Opera House,

noog ika 30 ng Disyembre ng taong 1916

Ito'y salia ng ipinamigay sa mga taong nagsidalo sa pulong sa Opera House noong ika 14 ng Enero.

### KAGINOHOAN:

*Mga aral ng Apostol.*

Nárito tayong nagkakatipon ngayón upang ipagbunyi ang ika 20 taon ng pagkamatay ni José Rizal. Walang nayon sa Pilipinas, maging yaon mang lalong nalilibib at lalong dukhá, na hindi nagdaraos ng ganitong kapistahan, sa loob ng lubos na kataimtimán, baga ma't hindi kasing ningning marahil ng ating idinaraos ngayon; sapagka't walang táhanang pilipino na hindi nagpaparangal sa dakilang Bayani. Ang ating mga kababayan mang nasa ibang lupain ay nakikiisa rin sa ating pagpupuri at pagtilala ng utang na loob doon sa nag ukol ng buò niyang kabuhayan sa paglilingkod sa kanyang tinubuang lupà.

Magiging kahinahinayang ang ating ginugugol na panahón at salapí, kung sa pagbubunyi kay Rizal ay hindi natin isasagunitá, sa araw man lamang na ito, ang kanyang kabuhayan at ang kanyang mga sinulat upang bakasin sa kanilá ang magagandang aral na dapat pagbatayan ng ating nababagay na ugaliin at panuntunan sa pamamalakad ng ating bayan. ¿At alín ang mga aral ng dakilang Bayani?

*Pagpapahalaga sa pananalig ng higit sa buhay.*  
Ang unaunang itinurò sa atin ni Rizal ay

## AGAPIÑO FRANCISCO

JOYERO

Vende toda clase de Alhajas de Brillantes, Perlas y Piedras Preciosas.

Recibe Obras de Platerías.

769 Magdalena, esquina Azcarraga.

Tel. 4264. Manila, I. F.

ang pagkakaroon ng tapang sa pagtataglay ng ating pananalig—tapang sa pagpapahayag at pagtatanggol nitó, kahi't na mápará ang sariling buhay. Siya'y nabuhay sa isang kapanahunan, hindi lamang ang mga batás kundi sangpú ng mga pamahiing bayan ay lubhang labán sa paglalahad ng mga pangahás ó bagong pagkukuro-ñguni't hindi nagalinlangan sa pagtuligsá sa mga maling kapalakarán at paguugali na pinagkámihanán na tuloy at iginalang na ng kamangmangan. Ni ang bilaugguan, ni ang mga paghihirap, sa isang dako, ni ang marahil ay pagtuligsá ng kanya ring mga kababayan, sa kabilá namán, ay dí nakapigil sa paglandas niya, sa tuntuning itinakdá—ang paglalahad ng mga kasamaang dumuduhagi sa kanyang bayan.

Dabil dito, kung tayo'y mabubuting alagád ni Rizal, ay nararapat nating gayahan ang mga halimbawá niyang ipinakita. Bakahin natin ang kasamaan, kahi't saan naroroon; walang kailanng ahutin ang kahi't sino ng hagkis ng ating pagtuligsá. Kailangan nating magkaroon tayo ng kagitingan, at dapat nating taglayin ito, maging gaano man ang hirap na atin tamuhin. Walang napakabanal na dí gaya ng isang matibay na pananalig at walang nakapagdudulot ng kasiyahang-loob na dí gaya ng ipahayag yaon ng táhasan sa harap ng mga kalaban.

*"Magpatuloy ka't mabuti ang iyong ginagawa."*

Ang buhay ng tao'y lubhang maikli, at siya'y walang kabuluhang danasin kung hindi natin siya madadalá sa dako pa roon ng kanyang kalunoslunos na hanggahan. At, ang mga gawain nating pinakapupuri ng mga kapanahong sumaksi sa gayon ay dí laging siyang bagay na magiging alalahanin ng magsisisunod sa atin. Ang papuri ng ating mga kapanahón ay lubhang nakalulugód at ang kanilang pagwawalang bahalá ó pag-irang ay nakakukutyá; nguni't sa taong gumagawá ng alinsunod sa kanyang mat-

### La Tableria de P. y F. Jacinto

NAGBIBILI ng lahat ng uri ng kahoy rito.  
GUMAGAWA ng sarisaring "muebles" na pasadya ayon sa ibiging ipagawa.  
YUMAYARI ng mga pang pinto, pang bintana, ibp.  
LAHAT ay mura at ayon sa kasunduan  
TUMAWAG sa telepono 8231.

954-962 JUAN LUNA, TUNDO.

## CASEY'S HOSPITAL

—FOR—

Sick Shoes and Clothes

Dr. Casey Chief Surgeon

307 M. H. del Pilar.

PHONE 3878



wid na pananalig, na ang kanyang ginagawâ ay isang kabutihan, ay dapat maging isang lunas ang pag asa na ang kanyang mga paghahakâ at halimbawâ, kahi't siya'y patáy na, ay kikilalanin ng mga taong marahil ay naging kalaban pa ng mga tinurang paghahakâ't halimbawâ. Igaano ang ipinagbatâ ni Kristo ng siya'y alimurahin, lapastangnanin at ibitin sa kurus noong mga taong pinaugaralan niya ng kanilang ikabubuti! Nguni't gaano naman ang kanyang kasiyahang loob, sa likod ng mga daandaang taon, sa pagkakatang ang kanyang mga aral ay siyang naghahari sa mga bayang bihasa ng sangsinukob! I Napakapait marahil ng mga hulng araw na dinanas ni Colón na ipinapiit ng mga haring binigyan niya ng isang malaking bahagi ng mundó!; nguni't gaanong katigasang loob ang idinulot sa kanya ng matibay niyang pananalig na siya'y ibibilang, ng mga susunod, na isa sa mga pinagkakautangan ng sangkatauhan. Ang mga duwag lamang ang siyang tanging natatakot bumaka sa mga pag-uugali ng kanilang mga kapanahun. ¿Ano ang kabuluhán, di lamang ng di kagiliwan kundí ng layuan mau ng madlá, na siyang kaparusahang mabigát pa kay sa kamatayan, kung sa kaibuturan ng ating budhi,--na siyang panghulí at di matutulang hukom ng ating mga sariling kagagawán-- ay mayroon tayong nadidingíng na tiugig, na nagsasabing: "magpatuloy ka't mabuti ang iyong ginagawâ".

*Mga dakilang paunang salita ng isang aklat.*

Ito ngâ ang naging tuntunin ni Rizal kung kaya't hindi nagalinlangan sa kanyang mga sinulat na tuligsaín ng buong hipit pati ng kanyang mga kababayan na rin, at ilahad ang mga kasiraan nila. Siya ang tanging makapagsasabi ng layunin ng kanyang mga sinulat, na nabubuó sa maikli at maliwanag na banggit sa paunang salitâ ng "Noli-me Tangere". Na anyâ: *Sa aking bayan.*

Sa tálaan ng mga dinaramdam ng tao ay kabilang ang isang bigát na lubhang napakasamá, na sa munting másalang ay kumikirot at nagbibigay ng matitinding sakit. Kailan ma't sa gitná ng bagong kabihasaan ay tinangkâ ko ang kita'y gunitain, maging upang ipantay kita sa ibang bayan, ay namamalas ko ang kagiliw-giliw mong larawan na may gayon ding bigát sa pamamayan.

Sa pagnanasâ ng inyong ikabubuti, na siya rin namang ikapapaanyô namin, at sa pagha-

## "ANG BATONG BUSILAK"

MARMOLERIA

*Sociëdad de Obreros Filipinos*

Se reciben toda clase de trabajos en Mármol como Lápidas, Monumentos, Mausoleos, Pila Bendita y Limpiezas, Esculturas, Bustos de Rizal en Bronce, Cemento y Madera.

**Mariano del Mundo, Gerente.**

408 Padre Gomez, Sta. Cruz.

Maynila, I. F.

nap ng lalong wastong paraan, ay gagawin ko sa iyo ang ginawâ ng mga tao sa una sa kanilang mga may sakit; inilalautad sa mga baita ng Sambahan ang mga may karámdaman upang ang bawat manggaling sa pagdalangin sa Lumikhâ ay maghatol sa kanilang isang kagamutan.

At dahil dito, ay pupunyagiin kong ilarawang buongbuó, ng walang kapanqipangimí, ang iyong kalagayan; itataas ko ang bahagi ng tabing na nakatatakip sa kasiraan, ipailalim ko ang lahat ng bagay ng dahil sa katotohanan, sangpu ng paglingap sa sarili, sapagka't sa dahilang ako'y anak mo ay taglay ko rin ang iyong mga kasiraan at karupukan ng loob.

*Ang tiyong may tapang at malaya.*

Ang kabuhayan ni Rizal ay may isa pang bagay na itinuturó, at ito'y ang pangyayaring ang tao'y maaaring maging tunay na malayâ mamahay mau sa ilalim ng isang ganid na pamahalaan. Ang taong may buong kalooban ay mangyayaring pawian ng kalayaan ng katawán, nguni't hindi mapapawian ng kalayaan ng isipan.

Si Rizal ay naging laging malayâ, bagama't nabuhay sa kapanahunang lubhang mahigpit, sapagka't sa kanyang budhi'y walang nakapangyayari kundí ang katotohanan at ang katwiran. Datapwa't may mga taong sadyang alipin na hindi magagawang malayâ ng anomang kautusan. Walang katuturan ang lahat ng batas na nagkakaloob ng mga karapatan sa pamumuhay at pamamayan. at umaampon sa pagsasagawâ nito, kung hindi kilala ng isang tao ang gayon ó kaya'y walang loob na gumamit ng mga tinurang karapatán. Sa mga may duwag na isipan, ó sa mga mangmang, ang kalayang ipinagkakaloob ng batas ay walang kakabukabuluhan.

## Paco Studio

1430 Herran

May manunuklay

na walang bayad.

## ENGRACIO DE ASIS

Nagpapasanla ng alahas, at bp. Mura magpatube, mahal humalaga. Bukás kahi't araw ng pista.

Daang Azcarraga Blg. 1339, Kanto Benavides, Trozo.

Tel. 3396.

Maynila.



*Ang Panghihimasok ng mga Pari.*

Ang nakabasa ng mga isinulat ni Rizal, lalong lalo na ang Noli Me Tangere, ay di mangyayaring hindi makabatid na ang kasamaang lalo niyang idinaing ay ang panghihimasok ng mga pari sa mga bagay na nauukol sa pamamayan. Bibihirang dahon nê Noli ang walang isang paranggit ó matinding pagtuligsâ kayâ, na laban sa laging panghihimasok ng mga pari sa ating pamamayan at panunuhay, sangpu doon sa mga bagay na hindi nararapat mabatid ng iba.

*Ano ang pumatay kay Rizal.*

Gayon din naman, ang nakababatid ng sahi ng pagkakabari kay Rizal ay nakaaalam na ang mahigpit niyang panunuligsang ito, kundi man siyang taning sahi, ay siyang pinakamalaking dahilan ng pagkakabari sa kanya. Sa mga isinulat ni Rizal ay walang bagay na nagpapakilala na ng kapanahunang iyon ay inusig niya ang paghiwalay sa Espanya, hindi na sa gahasâ kundi sa payapang kaparaanang man lamang. Hindi mapag-aalimlanganang ang pinangapangarap niya sa buong buhay ay ang makitang lubos na malayâ, malayang malayâ, ang kanyang pinakalirog na bayan; ngunit noon ay inakalâ niyang nindi pa kapanahunang dapat mangyari ang ating pagsasarili. Lubos niyang batid na ang pagsasarili ng Pilipinas ay hindi mangangahulugan ng kalayaan ng bayang pilipino, kundi maging malayâ muna ang mga tao, ipakilala rito ang kanyang mga karapatan, ipasok sa kalooban niya ang pag-ibig sa mga tinurang karapatan, upang gamitin at ipagsanggalang ng walang lingong-likod. Batid na batid ni Rizal, na kahi't tayo magsarili, ang pagkakawalay sa ibang bansang nakasakop sa atin ay walang kabuluhan samantalang ipinahihintulot nating sa mga bagay na ukol sa pamamahala ay makapanghihimasok at makapangibabaw ang mga may kapangyarihan sa simbahan, na ang kanilang kapangyarihan ay di galing sa bayan. Kayâ nga't tinuligsâ ni Rizal ang pagkakapailalim ng mga namamahala sa bayan sa mga may kapangyarihan sa simbahan, at ang kapangahasang iyon ay siyang ikinaputi ng kanyang buhay.

(Tatapusin)

**PAUNAWA**

Sino mang ibig sumascribí rito sa "Patnubay ng Bayan" ay sumulat kay S. G. Calderón, 758 Reina Regente, Binundok, -P.1.00 isang taón sa Maynilâ. -P.1.20 sa lalawigan. Ang sa taóng nagdaan ay -P.2.00.

**The American Bible Society**

503 Avenida Rizal.

• Nagbibili ng mga Biblia sa iba't ibang wika.  
Inyong pagsadyain at pagkakalooban kayo ng ayon sa halagang taglay ninyo.

• Ibig ba ninyong magkaroon ng mga mainam na kasuotan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahian ni

**Isaias Alvaran**

606 Azcárraga, Tondo.

MANILA.

**Mga aral ng mabubuting kaasalan***Sipi ni M. Banting.*

[Karugtong]

## XV ARAL

Si Juanita ay isang batang nag-aaral ng wikang kastila, at palibhasa'y tinuruan siya ng kanyang mga magulang na gumising na maaga, kaya't sa pagpasok ng maaga'y siya ang una sa lahat ng kanyang mga kaeskwela. Ni minsan ma'y hindi siya nahuli sa takdang oras ng pagpasok. Isang araw, binuklat ng guró ang aklat talaan ng nagsisipag-aral at nakita niya roong sa loob ng tatlong taóng singkad na ipinagaral ni Juanita ay hindi tinanghall minsal man lamaug.

• Si Juanita'y dinalâ ng guró sa harap ng kanyang mga kaeskwela, at sinabi sa lahat:  
"Mga batâ, tignan ninyo ngayon si Juanita. Sa loob ng tatlong taóng singkad na siya'y pumasok, hindi siya nahuli ni minsan man lamaug. Ngayo'y taglay ko rito ang isang mahalagang ganting palâ para sa kanya." At sabay isinabit sa dibdib ni Juanita ang isang medalyang gintô.  
"Ano sa akalâ ninyo ang mapapasa loob ng ibang mga batâ?"

"Sila po'y matutwâ."

"Ano pa?"

"Sila po'y miigayan: pumasok ng maaga."

"Bakit?"

"Dahil pô sa ganting-palâ."

"Hindi pô, dahil pô sa upang sila'y mangapuri."

"Oo, dahil sa sila'y pupurihin ng kanilang guró sangpu ng mga kaeskwela't ng ibang tao rin naman. Ganito ang nararapat ninyong gawin, gumising ng maaga, pumasok ng maaga, upang kayo'y ibigin at mahalín ng inyong mga guró."

"Ano ang maítuturô sa atin ni Juanita?"

"Ang kasipagan pô."

**LA RIZALINA**

P. RAMBULO

71 Rosario, Maynila, K. P.

NAGBIBILI ng mga sombrero rito at gayon din ng sa Europa:

ng mga barong lalake, kuelyo, korbata, ibp.  
ng mga payong, sapatos, ibp.

Mura ang lahat.

"Kasipagan saan?"  
 "Sa paggising at pagpasok pô ng maaga."  
 "Ano pa?"  
 "Ang pagka masunurin pô sa mga magulang."  
 "Ano ang kahulugan ng pagka masunurin sa mga magulang?"  
 "Ang pagka pagatag po sa kanila?"  
 "Oo, ang pagka masunurin sa mga magulang ay siyang tunay na paggalang sa kanila. Kaya't kayo'y maging masunurin upang ang lahat ng tao'y mangalugod sa inyo."  
 (Durugtungan)

## Haghanga...

¡TINDING!

Hindi akó lisyang pangalang Diwata ang anyô mo Tinding! ng lupang Maynilà; pagka't ang ganda mong nilang sa tadhanà ay magpapabangon sa libingang luksà ng isang nálibing, na pusong binata't magiging makatang sa iyo'y tutulá. Upang matunayan: masdan sa dambana't ako'y umaawit sa iyo'ng paghanga!...

DAHONG SARIWA.

Benavidez, Trozo. Maynilà.

## Isang bagong paraan

—"May nátuklasan ngayong isang bagong paraan sa "fotografía", na dapat mong samantalahin",—ani Pedro sa kanyang asawa.

—"Anong paraan?"—ang tugon ni María.

"Diñ iba't ang magagandang "tarjeta postal" na kaayaaya ang kulay at maayos ang pagka-kapaumbok, na di alangán sa nangangalang sa Europa.

—Saan ginagawâ iyan?—ani María.

—Sa "Fotografía" ni CARLOS DIZON na nasa Daang Salcedo blg. 508, Sta. Cruz, Maynilà.

Taontaón din lamang ay napareretrato tayo, ay paroon ngâ tayo ngayong Karnabal.

## Bahay Sanglaan

NI

Zacarias de Guzman

144 Villalobos, Quiapo. Tel. 3595.

Mabuting maghalaga sa mga hiyas, na gaya ng mga brilyante, perlas, ginto, at iba pang mga bagay na may halaga. Mataas ang turing sa mga pagtasa, magaan ang patubo.

## Cine-Empire

Palibhasa't dito iniestreno ang mga bantog na Pelikula ng "Universal Film Co. Exch" ay siyang pinaka mainam na Cine. Inyo n'ang pagsadyain at mapagkikita ang katotohanan.

## DATING PILIPINAS

Akda ni Sofronio G. Calderon

Ito'y isang aklát ng kasaysayan ng ating mga kanunuan na pagkakaalaman ng kanilang ayos ng pamumuhay at patí ng kanilang sulat noón.

Bumili kayó sa mga tindahan ng aklát. Isang salapi lamang ang isá.

## Ang mga postal kung mangusap

Akda ni Sixto Magpantay

(Karugtong).

POSTAL NI ALBERTO KAY TRINING.

Mahal kung Trining:

Inaakalâ mo marahil na ako'y payapang-payapâ na buhat noong mag-isa tayo sa dampâ, anô? Kung ganito ngâ ang iyong nasasaloob ay dagli mong ibahin sapagka't hindi ganito ang dinaramdam ko.

Trining: Mahirap din pala ang umibig at ibigin! Kung noong una'y wala akong laging pangarap kungdi ang pinaglulunggatian kong iyong "Oo", ngayon namay lalong nagibayo ang pagmimithing ikaw ay laging makausap, upang ang pag-ibig na yaong sa isang saglit ay ipinatahó mo sa akin ay muli kong madinig, mapatunayan kung maaari, at minsan pang mādama ko ang init ng iyong palad. Ngayon ko rin napatunayang mahirap din ang may sinisintang di nakakausap, sapagka't para akong nakakatanaw ng ligaya nguni't hindi maaaring tamasain.

Gayon din namán; ang pagpapalitan natin ng postal ay lalong nakapananabik sa akin, kaya't kung maaari, iniibig mo rin lamang ako ay... magkausap tayo.—ALBERTO.

(Tatapusin)

## CRISPULO ZAMORA

Platero at Grabador.

351 San Sebastian Maynila, Tel. 3265

Gumagawa ng magagandang korona para sa mga reina, ng mga medalla, botones, insignias, copas na pang ganting pala, pang gayak sa simbahan, mga larawan, caliz, baston, hiyas, karatulang tanso, mga chapa, ibp. Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

## LOS FILIPINOS

1011-1013 San Fernando,  
MAYNILA, K. P.

Pagsadyain ang mga kasangkapan ng auto na mga bagong dating at iba't iba pang mga kasangkapang bakal.

Macario Lim Manapat, Gerente.

# BERNABE STUDIO

Salcedo, Blg. 708, Sta. Cruz,  
MAYNILA, K. P.

Araw-araw ay rumertrato mula sa a las 9 ng uma-  
ga hanggang a las 3 ng hapon at tumatanggap ng mga ga-  
waing nauukol sa bagay na itó, gaya ng **Ampliación,**  
**Reproducción, Opalinas, alfileres, Revelaciones, Copias,**  
FOTOGRAFADOS, AT ZINCOGRAFIA, ibp.

P. O. Box. Blg. 973,  
TELEFONO, 3216.

**Walang bayad sa pasuklay.**

ANG HALAGA SA MGA GRUPO AT IBANG MGA BAGONG PARAAN AY  
AYON SA PAGKASUNDUAN.

*Ngayo'y may lalong pag-uurungan sa dakong pinagrerehatuhan.*

“El Porvenir”

Imprenta y Libreria,

Papeleria y Objetos de Escritorio

429—Soler Trozo—429

**Encuadernacion y Librería**


de SOFRONIO G. CALDERON

758 Reyna Regente, Binondo.

Se recibe toda clase de trabajo concerniente al ramo de la  
encuadernacion.

# “BIG BEN”

Universalmente es el Mejor  
Reloj-Despertador que  
se conoce



Precio ₱ 5.00

Unicos Agentes

**H. E. HEACOCK Co.**

ESCOLTA 121-123